



BAGONG PILIPINAS

KAPASIYAHAN BLG. 2026-111

“NAGBIBIGAY-PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA PUNONG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG BAYAN UPANG PUMASOK AT LUMAGDA SA ISANG MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) KASAMA ANG OFFICE OF THE PRESIDENTIAL ADVISER ON PEACE, RECONCILIATION, AND UNITY (OPAPRU) PARA SA IMPLEMENTASYON NG PAYAPA AT MASAGANANG PAMAYANAN (PAMANA) PROGRAM PARA SA FISCAL YEAR (FY) 2026 NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU’T ISANG MILYONG PISO (₱31,000,000.00).”

Akda ni:

Igg. Engr. Gliceria M. Perez

Tagapangulo

Lupon sa Imprastruktura, Pagawaing-Bayan, Pangangalaga sa Kapaligiran at Pagbabago ng Panahon

SAPAGKA’T, ang Seksyon 22(c) ng Batas Republika Blg. 7160, na kilala bilang Local Government Code of 1991, ay malinaw na nagtatakda na walang kontrata ang maaaring pasukin ng Punong Ehekutibo sa ngalan ng isang Lokal na Pamahalaan nang walang paunang awtorisasyon mula sa kinauukulang Sangguniang Bayan;

SAPAGKA’T, ang Pamahalaang Bayan ng Bustos, Bulacan ay nagnanais na makipagtulungan sa Pambansang Pamahalaan sa pamamagitan ng Office of the Presidential Adviser on Peace, Reconciliation, and Unity (OPAPRU), na pinamumunuan ni Secretary Mel Senen S. Sarmiento bilang kinatawan ng Source Agency (SA);

SAPAGKA’T, ang PAMANA Program o PAYapa at MASaganang PamayaNAN ay isang pambansang programa para sa kapayapaan at pag-unlad na naglalayong maghatid ng mga batayang serbisyo, palakasin ang kapasidad ng mga lokal na pamahalaan, at isulong ang pagkakaisa at kapayapaan sa mga komunidad;

SAPAGKA’T, sa ilalim ng Seksyon 77 ng General Provisions ng Batas Republika Blg. 12314 (General Appropriations Act o GAA para sa

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

BAKURAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS, BULACAN

044 761 0069 | sbbustosbulacann@gmail.com | www.facebook.com/SangguniangBayannngBustos

FY 2026), mayroong inilaang pondo para sa pasilidad at implementasyon ng mga proyekto sa ilalim ng PAMANA Program;

SAPAGKA'T, alinsunod sa itinakda ng iminumungkahing MOA, si Mayor Francis Albert G. Juan ang tatayong pangunahing focal person at awtorisadong lumagda sa mga sertipikasyon, dokumento, at iba pang instrumento para sa panig ng Pamahalaang Bayan ng Bustos bilang Implementing Agency (IA);

SAPAGKA'T, ang opisina ng Municipal Development Plan (MPD) at Municipal Engineering ang mangangasiwa sa pag-aayos ng Road design, Work and Financial Plan, Bidding Preparation alinsunod sa itinalaga ng RA No.12009, IRR, GPPB at lahat ng nakasaad sa Section 2 ng Kasunduan;


SAPAGKA'T, ang opisina ng Municipal Development Plan (MPD) at Municipal Engineering ang mangangasiwa sa pag-aayos ng Road design, Work and Financial Plan, Bidding Preparation alinsunod sa itinalaga ng RA No. 12009, IRR, GPPB at lahat ng nakasaad sa Section 2 ng Kasunduan.

KUNG KAYA'T, sa pagtataguyod ni IGG. ENGR. GLICERIA M. PEREZ na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.


IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA, ng Sangguniang Bayan ng Bustos na bigyang pahintulot at kapangyarihan ang Punong Bayan ng Bustos, Bulacan, Igg. Francis Albert G. Juan, na kumatawan sa pamahalaang bayan upang pumasok at lumagda sa isang memorandum of agreement (MOA) kasama ang Office of the Presidential Adviser on Peace, Reconciliation, and Unity (OPAPRU) para sa implementasyon ng Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) program para sa fiscal year (fy) 2026 na nagkakahalaga ng Tatlumpu't Isang Milyong Piso (P31,000,000.00).

PINAGTIBAY, ngayong ika-8 ng Hunyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Anim sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.


Phillip Wryner B. Santos
Kasangguni


Romeo B. Cabalquinto
Kasangguni


Kyle Gabrielle DR. Navarro
Kasangguni


Aljhaneal E. Quinones
Kasangguni




Leo T. Santos
Kasangguni



John Erick L. Perez
Kasangguni




Raymond R. Perez
Pangalawang Pangulo ng
Liga ng mga Barangay



Melvin H. Melencio
Kasangguni



Engr. Gliceria M. Perez
Kasangguni




Mel Ryan P. Juan
Pangulo ng
Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan



Martin S.J. Angeles, MMPA
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

— ■ —

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng
Sangguniang Bayan ngayong ika-8 ng Hunyo taong Dalawanlibo
Dalawampu't Anim.



Atty. Gerardo S. Briasa
Kalihim